## PAYO NI CATRIONA GRAY UKOL SA SCOLIOSIS PAHINA 4

# Publiko NEWS PUBLISHING

Impormasyon at Dokumentaryo

VOL.I NO.51 * HULYO 29 - AGOSTO 4, 2024 * P20.00







**BATASAN HILLS, Lungsod Quezon — Pinapatihil na ni Pangulong Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr. ang operasyon ng mga iligal na Philippine offshore gaming operators (POGO) dahil mas marami itong idinudulot na masama sa publiko at lipunan.**

"Effective today, all POGOs are banned," mariing wika ng punong ehekutibo sa mismong araw ng kanyang ikatlong State of the Nation Address (SoNA).

"I hereby instruct the Philippine Amusement and Gaming Corporation to wind down and cease the operations of POGOs by the end of the year," sabi pa ng pangulo. ***(sundan sa pahina 3)***




**KAPIHAN SA MANILA HOTEL.** Hiniling sa publiko ni Commission on Elections (Comelec) chairman George Erwin Garcia na tulungan ang Komisyon sa pagtupadng mandato nito na matiyak ang integridad ng proseso ng halalan sa gitna ng mga alegasyon ng panunuhol at anomaly sa ahensya. Sa Kapihan sa Manila Hotel media forum na pinangunahan nina dating senador Joey Lina at Manila Bulletin publisher Sonny Coloma, inulit ni Garcia ang paniniwalang mayroong ikinasang demolition job para sirain ang Comelec bilang institusyon at lalo na sa pagsasagawa ng midterm elections sa susunod na taon. ***(Larawan ni Tracy Cabrera)***

## ECONOMIC CHA-CHA HINDI PRAYORIDAD — ESCUDERO

PAHINA 2

## LACUNA IPINAGMALAKI ANG UMIIGING REVENUE COLLECTION SA MAYNILA

PAHINA 3

## LOVE SCAM: BREAD-AND-BUTTER NG MGA POGO

PUBLIKO REPORTORIAL TEAM




CLARK FREEPORT, Pampanga — Nadiskubre ng Presidential Anti-Organized Crime Commission (PAOCC) na madalas na ginagamit ng mga iligal na Philippine Offshore Gaming Operator (POGO) ang skima ng 'love scam' sa mga bayan ng Porac sa Pampanga at Bamban sa Tarlac. *(sundan sa pahina 3)*

## BIDEN UMATRAS NA, HARRIS NAKAUMANG NA STANDARD-BEARER NG DEMOCRATS

PAHINA 2

EDITORIAL

# PANGAKONG NAPAKO

**IN fairness kay television host Willie Revillame, malalim ang kahulugan ng deklarasyon ng aktor at pilantropo na patuloy siyangh maninilibihan sa publiko sa kabila ng pagkansela niya ng planong kumandidatong senador sa halalan sa susunod na taon.**

Pinunto nito na kahit wala sa posisyon sa pamahalaan, maaari pa rin siyang tumulong sa mga nangangailangan habang nagbibigay ng entertainment sa pamamagitan ng kanyang palatuntunan at programa sa telebisyon.

Nagdesisyon si Revillame na kanselahin ang kanyang kandidatura, anim na buwan makalipas ihayag ang kanyang intensyong pumasok sa larangan ng politika. Ang dahilan dito, aniya, ay dahil sa hindi kaaya-ayang eksena sa politika ng bansa na nagpapalaganap ng pagkakahiwa-hiwalay.

Frustrated daw siya kasi walang pagkakaisa: "Sa nangyayari ngayon, paano ka papasok? Ang hirap. Awayan nang awayan."

Bukod dito, binanggit din ni Revillame na ipinagbabawal sa kanyang bagong kontrata sa TV5 na lumahok siya sa politika: "I'll be honest, I have a contract with TV5. (It said), no politics."

Nagkomento rin siya sa masangsang na karakter ng karamihan ng mga politiko para pasaringan sa tunay na paglilingkod sa publiko: "Ano bang gusto ng mga nasa politika? They have the money, and of course, the power. Maraming may pera, walang power. Iyon ang big difference para sa akin."

Nagpatuloy siya: "Anong power ko? (Noontime) show. Ilang presidente, after six years, nand'yan pa rin iyong 'Wowowin'. Ilang taon na ko sa noontime show."

May punto nga naman ang aktor at komedyante—ang mga politiko nga naman dito sa atin, kapag nangangampanya e puro na lang pangakong napapako . . .

# MGA PAYASO SA HALALAN

*Suppose you were an idiot, and suppose you were a member of Congress; but I repeat myself.*

**— American humorist Mark Twain**

MAYPAJO, Lungsod Kalookan —Kung tatakbo ng pagka-senador ang mag-aamang Duterte sa mid-term elections next year, ayon kay Vice President Sara Duterte, parang pinaglalaruan lang nila ang mamamayan.

Parang sinasabi nina dating pangulong Digong, Davao City congressman Paolo Duterte at Davao City mayor Sebastian 'Baste' Duterte sa kanilang mga sarili na "kahit ano'ng gawin (ng kanilang mga kritiko), hawak pa rin (nila) ang mga botante."

Sinusubukan ng mga Duterte kung gaano pa rin sila kamahal ng taongbayan kahit wala na si Tatay Digong sa puwesto. Sa kanilang pag-iisip marahil ay hindi pa laos ang pangalang Duterte at kailangan nilang ibangon ito sa pamamagitan ng midterm elections sa susunod na taon.

At kapag ang mag-aamang Duterte ay nailuklok lahat sa Senado mapapatunayan nilang mahal pa rin sila ng sambayanang Pilipino. Karamihan kasi sa mga kababayan ay bumoboto hindi ayon sa isyu kundi sa kasikatan ng kandidato o kung magkano ang ibibigay nito sa kanila ilang araw bago ang botohan.

Ang eleksiyon sa Pilipinas ay parang circus. Ang mga kandidato ay parang mga payaso na pinasasayaw o pinakakanta sa entablado. Mas masagwang sumayaw o mas boses palaka ang kandidato, mas Malaki ang tsansa na manalo sila.

Liban nga lang kay dating Duterte spokesperson Atty. Harry Roque na kahit sumayaw na parang butete sa entablado at napaihi pa nga ay hindi ibinoto bilang senador noong 2022. Naalala ko tuloy yung kalapating mababa ang lipad na ibinoto na minister of parliament sa Italy dahil naghubad siya sa entablado.

Wala sa masang Pinoy kung makabubuti o makasasama ba sa bayan na iboto ang isang kandidatong walang karapatan basta sa kanila ay nagbigay ito s akanila ng kasiyahan—kahit sandali lang. ***(Cip D.C. Cabrera)***

# BIDEN UMATRAS NA, HARRIS NAKAUMANG NA STANDARD-BEARER NG DEMOCRATS

**REHOBOTH BEACH, Delaware — Hindi na tatakbo para sa re-election si United States President Joseph 'Joe' Biden, desisyon na nagdala ng ng shock waves sa politika sa northern hemisphere at naglagak sa Democratic Party sa iringan para alamin kung sino ang magiging nominee ng partido na haharap kay dating president Donald Trump.**

"It has been the greatest honor of my life to serve as your President," saad ni 81-taong gulang na si Biden sa kanyang post sa social media.

"And while it has been my intention to seek re-election, I believe it is in the best interest of my party and the country for me to stand down and to focus solely on fulfilling my duties as President for the remainder of my term," hinayag pa nito.

Sa hiwalay namang social media post, inendorso ng outgoing US president ang kanyang bise president na si Kamala Harris upang humalili sa kanya bilang standard-bearer ng Democratic Party bago pa ang national convention ng partido sa Agosto 19 hanggang 22, 2024.

"Today I want to offer my full support and endorsement for Kamala to be the nominee of our party this year," ani Biden sa post na ibinahagi sa X. "Democrats — it's time to come together and beat Trump. Let's do this."





Ayon naman kay Harris, pagpupursigihan niyang pag-isahin ang Democratic Party at magwagi sa presidential elections sa Nobyembre 5, 2024.

"I am honored to have the President's endorsement and my intention is to earn and win this nomination," aniya.

Si Harris, 59, ang unang babae, Black person at Asian American na nagsilbing bilang vice president ng Estados Unidos at ngayo'y may oportunidad siya na maging kauna-unahang female president ng Amerika. ***(Karin Ceara Cabrera-Sakai)***

# ECONOMIC CHA-CHA HINDI PRAYORIDAD — ESCUDERO

**BATASAN HILLS, Lungsod Quezon — Nagugulumihanan si Senate President Francis 'Chiz' Escudero sa "ingay" na maaaring malikha sa pagtalakay sa pag-amyenda ng mga probisyong pang-ekonomiya ng Saligang Batas dahil maaari itong umagaw pansin sa mas mahahalagang bagay na dapat resolbahin.**

"The 19th Congress has barely 70 session days left, so why do we still have to give ourselves a headache when we have other important measures to work on? Besides, the (proposed economic Cha-cha) was never in any of our discussions in the LEDAC (Legislative-Executive Development Advisory Council)," punto ni Escudero.

"Many other more important matters are taken for granted because of the noise and chaos created by this very divisive issue," dagdag pa nito.

Hindi rin umano iminungkahi ng Malakanyan o ni House Speaker Ferdinand Martin Romualdez na talakayin ang panukalang economic Cha-cha.



Nilatag ni Escudero ang 10 prayoridad na inaprubahan ng LEDAC na dapat pagtuunan ng Senado.

Gayun man, nilinaw din niya na hahayaan niyang magkaroon ng mga pagdinig ukol sa economic Cha-cha sibalit gagawin ito sa "ordinary" course sa ilalim ng Senate committee on constitutional amendments na pinamumunuan ni Senador Robin 'Robinhood' Padilla.

"My intention is to toss the matter back to the committee based on the ordinary, regular procedures and according to the rules of the Senate, but it will not be a priority in this (third regular session of the 19th Congress) by creating a special committee for such purpose," ani Escudero.

Pinuno rin ng Senate President na ang sub-committee na inatasang pangasiwaan ang pag-aaral ng panukalang economic Cha-cha ay wala sa ngayong chairperson makaraang magbitiw si dating Senador Sonny Angara para magsilbi bilang kalihim ng edukasyon sa Gabinete ni Pangulong Marcos Jr. ***(Ric Sakai III)***

# 300 PDL INILIPAT SA IWAHIG

**NEW BILIBID PRISON, Muntinlupa — Pinalipat na sa Iwahig Prison and Penal Farm (IPPF) sa Palawan ang 300 person deprived of liberty (PDL) mula sa New Bilibid Prison (NBP) sa Muntinlupa City, ayon kay NBP director general Gregorio Pio Catapang Jr.**

Alinsunod umano ito sa mga repormang pinapatupad sa ngayon upang maisaayos ang operasyon ng pambansang piitan at mapaganda na rin ang kalagayan ng mga bilanggo na nagsisiksikan sanhi ng mataas at tumataas na populasyon ng mga preso.

"We continuously transfer PDLs to various operating prison and penal farms of Bucor to decongest the NBP and to augment the manpower requirements of other prison facilities which have food production projects," paglilinaw ng dating chief-of-staff ng Armed Forces of the Philippines (AFP).




Matiwasay naming dumating ang 300 PDL sa IPPF at sa ngayon ay nasa ilalim ng kuwarantina bago tuluyan na silang isama sa mga kapwa bilanggo na naroroon na sa Iwahig.

Sa paglipat sa Palawan, sinamahan ang mga PDL ng 100 mga correction officer, kabilang na ang mga miyembro ng Special Weapons and Tactics (SWAT) at medical staff. Tumulong din dito ang Philippine National Police (PNP) at Philippine Coast Guard (PCG) upang matiyak ang kaayusan at kaligtasan ng lahat, partikular na ang mga preso. ***(Noel Lontoc)***

**Publiko NEWS PUBLISHING**

***Impormasyon at Dokumentaryo***

**PUBLIKO NEWS PUBLISHING is a weekly newspaper in general circulation, published evey Monday. This publication is under the management of MARK ANTHONY B. CAIÑA, the Publisher/ Editor-in-Chief.**

**This publication is duly registered under DTI No. 5190105 (National).**

**Advertising/ Sales and Editorial Office is located at 109 P. Zamora St., Brgy. 15, District II, Caloocan City, Metro Manila.**

# LACUNA IPINAGMALAKI ANG UMIIGING REVENUE COLLECTION SA MAYNILA



**LUNGSOD NG MAYNILA —Maganda ang pasok ng pondo ngayon, kumpara sa mga nakaraang taon, ayon kay Manila mayor Dra. Maria Sheilah 'Honey' Lacuna-Pangan.**

Kasabay nito ang pag-anunsyo ng alkalde sa mga pagbabago sa mga susunod na araw sa pamamagitan ng mas mahusay na sistema na susuporta sa mga programang nakalinya na magpapabilis sa koleksyon ng buwis ng pamahalaang lungsod, pati na sa pagbibigay ng mga pangunahing serbisyo sa publiko.

Binigyang papuri ng alkalde ang mga hakbang na ginagawa ng kanilang mga revenue-generating department, bureau at tanggapan para ma-digitalize ang kani-kanilang operasyon upang matiyak na lahat ng pondo na nakalaan sa iba't ibang proyekto ng lungsod ay maayos na naibabahagi sa kinauukulang ahensya ng pamahalaang lungsod

Nagpasalamat si Lacuna kay City Treasurer Jasmin Talegon at sa 300 kalalakihang at kababaihan na kasamang nagtatrabaho para sa mas mabilis na sistema ng tax collection.

Sa pagsasatinig ng sinabi ni Talegon na "every peso counts," pinunto ni Lacuna: "Napakaraming obligasyon ng ating pamahalaan, kaya tama ang sinabi ni Mam Jaz na bawat isang piso o limang piso ay napakahalaga na pumasok nang tama sa ating lungsod."

"Sa mga pagbabagong inyong mararanasan sa mga susunod na linggo at buwan, makatitiyak kayo na ang mga ito ay malaking tulong para sa ating lungsod," dagdag pa ng alkalde.

Ipinahayag din ni Lacuna na ang pamahalaang lungsod ay nakapagtatag na rin ng sistema na magiging available na rin kung saan ang lahat ng vital information ay makakatulong sa fiscal standing ng lungsod at matutukoy ang areas of primary concern. ***(Tracy Cabrera)***

# RAMPA-PARAMPAPAMPAM

**BAGONG BARRIO, Lungsod Kalookan — Kinumpirma ni Metropolitan Manila Development Authority (MMDA) acting chairman Atty. Romando Artes ang pagpapasara pansamantala ng wheelchair ramp sa Epifanio Delos Santos Avenue (EDSA)-PhilAm station ng EDSA Busway sa Quezon City.**

Bunsod ng mga matitinding pagbatikos, sinabi ni Artes na palalagyan niya ang rampa ng wheelchair lift at ipari-repair na rin ito upang maging 'user friendly' sa mga pedestrian, partikular na sa mga person with disability (PWD).

Sa aming observation, bibihira ang gumagamit ng bus carousel na naka-wheelchair subalit mahalaga na ring nasita ang MMDA sa napabayaang wheelchair ramp dahil ang ipinambayad sa pagpapatayo nito ay tax payers' money kaya importante ring mapangalagaan ito at hindi balewalain.

Sayang naman ang perang ginastos ditto kung papayagan na lang na masira ruled ng BRP Sierra Madre sa may Ayungin Shoal.

Bukod sa sira-sira na ang rampa sa EDSA-PhiAm Station, naniniwala kaming mapapakinabangan pa ito dahil hindi naman masyadong matarik kaya maaaring magamit ng ating mga PWD, gaya ng mga buntis, pilay at senior citizen.

Abangan natin kung ano ang susunod na kaganapan dito . . . habang umaawit ng 'Little Drummer Boy' kahit hindi pa Pasko . . . ***(Danny Singh)***

# PBBM: BAWAL...

MULA SA PAHINA 1

Kasunod nito, inatasan ni Ginoong Marcos Jr. ang Department of Labor and Employment (DoLE), sa pakikipagkoordinasyon sa kanyang mga economic manager, na gamiting ang panahon "between now and then" upang maghanap ng mga bagong empleyo o trabaho para sa mga Pilipinong maaapektuhan sa pagpapatigil sa operasyon ng mga POGO.

Idiniin ng dating senador na ang pagbabawal sa mga POGO ay "makakalutas sa maraming problemang kinakaharap ng bansa," subalit tinukoy din na hindi naman lahat ng suliranin ay reresolbahin nito.

"To solve all the problems that we have been suffering — all officials, workers in government, and most of all the citizenry must always be vigilant, principled, and think of the health of the nation," aniya.

Ginunita niya ang sinabi ni John Stuart Mill, na tinawag niyang paham: "Let not any one pacify his conscience by the delusion that he cannot harm if he takes no part, and forms no opinion. Bad men need nothing more to compass their ends, than that good men should look on and do nothing."

Sa pagtatapos, idiniin ni Ginoong Marcos Jr. na dapat labanan ng sambayanan ang mali at masama.

# LOVE SCAM:...

MULA SA PAHINA 1

Ito ang napagalaman ng Philippine National Police (PNP), Department of Labor and Employment (DoLE), Department of the Interior and Local Government (DILG) at Philippine Amusement and Gaming Corporation (PagCor) sa pagpupulong na isinagawa Royce Hotel na kung saan hinayag ng PAOCC na nakakita sila ng maraming mga love scam studio sa loob ng sinalakay nilang mga POGO hub.

Ayon kay PAOCC chief undersecretary Gilbert Cruz, gumagamit ang mga POGO hub ng isang character package story para makabitag ng mga kalalakihan sa Estados Unidos o Europa na edad 35 taong gulang pataas at binata, hiwalay o diborsyado, at mayroong mga problemang emosyonal.

Sa siste, magpapakilala ang scammer mula sa POGO bilang isang dilag na nagmula sa isang broken family na nagpupursiging maihango ang sarili sa kahirapan, saka sasabihing nakapagaral siya sa Singapore at nagtungo sa Malaysia para magsimula ng bagong buhay.

Sinasanay ang mga scammer sa ganitong modus sa ilan ding mga training room para sa mga operator na tinuturuang gumawa ng sarili nilang package story at maf-anyo sa nilikhang karakter upang makapambiktima ng mga kalalakihan gamit din ang mga larawan pang-akit sa mga lalaki.

Sa sandaling main love o mapaibig ang biktima sa pamamagitan ng love scam, dito na hihimukin na mag-invest sila sa cryptocurrency.

Binibigyan ng quota ang mga scammer at kapag hindi nila nakamit ito, doon na sila dadalhin ng mga opisyal ng POGO sa torture room na kung saan pinagbabayad sila ng halagang P150,000 hanggang kalahating milyong piso para makalaya mula sa empleyo sa kanila.

# ELIZA YULO BUMIDA SA PALARONG PAMBANSA

**MAYPAJO, Lungsod Kalookan — Pinatunayan lang ni Eliza Andriel Yulo ang estado ng kanyang pamilya bilang gymnastics powerhouse ng Pilipinas sa panalo nito ng dalawang ginto medalya sa girls' secondary artistic gymnastics ng ika-64 na edisyon ng Palarong Pambansa.**

Nagpaligsahan ng galing ang nakababatang kapatid ni world champion at Paris Olympics-bound Carlos Yulo, at dating Palaro ang Batang Pinoy ace Karl Edrew, na ikinagalak ng mga manonood sa Cebu Institute of Technology-University.

Nang lumabas ang mga resulta, lumitaw si Yulo ng National Capital Region (NCR) na may pinakamataas na iskor na 42.25 para masungkit ang dalawang gold medal.

Tinalo ni Yulo ang mga kasamahan niya sa Big City na sina Cielo Esliza at Amara Lagdameo, na nagwagi ng pilak at tanso. Umiskor si Esliza ng 41.20 puntos habang si Lagdameo nama'y nag-tally ng 38.05 puntos.

Napanalunan din ng 14-taong-gulang na si Yulo ang gold medal para sa team event.

Pumuntos ang NCR trio ng kombinasyong 121.5 puntos para maungusan ang Western Visayas na nakopo ang pilak at ang Central Luzon at Calabarzon (Cavite-Laguna-Batangas-Rizal-Quezon) para sa tanso. ***(Heidi Nicodemus)***

# NADINE LUSTRE: 'ESTETIK QUEEN'



**BINANSAGAN and aktres na si Nadine Lustre bilang 'Estetik Queen'— gamit ang Filipinized version ng English term na 'aesthetic' na batay sa Collins Dictionary, ang ibig sabihin ay may kaugnay sa personal na kagandahan.**

Marami kasing mga online user na nakapagmasid kung paano pinanatili ni Nadine ang kanyang mga post sa Instagram gamit ang curated at mga good quality photo.

Aware naman ang aktres sa tag. Naitanong sa kanya ang features na kanyang in-unlock sa pinakabago't unang mga artificial intelligence phone ng Oppo, ang Reno 12 5G series. Dumalo si Nadine sa product launch ng bagong phone series sa Santa Rosa, Laguna.

Aniya: "I am laughing because people know me as the 'aesthetic queen'. So, at least now, I'm happy we have the AI Eraser because it just makes everything make better. I love clean photos. I like it when it's minimalist, when it's perfect and when it's clean."

Ang Reno 12 5G ay mayroong upgraded na AI Eraser 2.0, na may 'Remove People' function na puwedeng gamitin ng mga user para 'burahin' ang mga tao o indibiduwal at gayun din ang mga bagay sa isang larawan o selfie sa ilang Segundo lang basta't naka-connect ang smartphone sa Internet.

Reaksyon ni Nadine: "I hate saying aesthetic now (laughs). Sorry. Pero it is what it is and it keeps the aesthetic of all of my content. It's something that I'm very, very particular with." ***(Genesis Pedrozo)***

# PAYO NI CATRIONA...

MULA SA PAHINA 4

Inamin din ni Cat na kapag may mga events ay talagang maayos ang tindig niya, conscious siya sa shoulder, rib and hips level at iba pa, pero ang talagang relax position niya ay nakatabingi sa kanan at kapag nakatalikod ay mas kitang-kita na hindi ito pantay.

"My body and I have gone through a lot together. Admittedly there have been many times, as I've studied myself in the mirror, seen pictures of myself, or when I try on a piece of clothing that just doesn't sit right – where the unnatural tilt of my ribs, or hunch of my shoulder has made me feel insecure. My condition, most especially during my stint in international pageantry put me on the receiving end of countless body shaming comments because of the 'unflattering' angles my body creates," aniya.

"There's something that I have in common with around 3 million Filipinos – and that's scoliosis: an abnormal curvature of the spine. I was diagnosed at the age of 12 – and unfortunately since I had already experienced my growth spurt – it was too late to pursue a brace. That's why early diagnosis is so important. Hence why I'm partnering up with Scoliosis Philippines this International Scoliosis Day, to help spread awareness for early diagnosis – especially in kids. An easy way to do this is a #StripesFitCheck – simply wear a fitted, striped shirt and see if you can spot anything different!" dagdag pa ng dating beauty queen.

"Scoliosis doesn't have to be a limiting condition. If diagnosed early, great progress can be made in limiting the progression of the angle of the curve and also the pain experienced through-out one's life. Because unfortunately, scoliosis is incurable and a lifetime condition. And I just wanna say—to whoever is reading this—may you have Scoliosis or just a unique body (as I believe everyone has), you are not limited to just a body shape or ideal. The greatest service your body serves is not to please whatever body ideal is popular or praised by society but to house the beautiful soul—that is you!! I hope in my story—you can find the encouragement. That despite chronic pain, different shapes and sizes, proportions and angles – that YOU are capable of whatever dream arises in your heart! We're #BentButNotBroken," sabi pa ng dalaga. ***(Noel Lontoc)***

VOL.I NO.51 * HULYO 29 - AGOSTO 4, 2024

Publiko
iP NEWS
PUBLISHING

PUBLIKO NEWS PUBLISHING IS A WEEKLY NEWSPAPER IN GENERAL CIRCULATION, PUBLISHED EVERY MONDAY.

PUBLIKO NEWS PUBLISHING accepts contributions from anyone who may want to share their opinions, stories, experiences and other interesting matters.

All articles submitted to PUBLIKO NEWS PUBLISHING are those of author's opinions and do not constitute our endorsement nor reflect the views of the Publisher. Email us at publiko.news@gmail.com

PUBLIKO NEWS PUBLISHING does not warrant or assume any expressed therein by the authors, writers or contributors. All articles are subject to editing to comply with the editorial policies and directions of this publication.

Materials here may not be reproduced, copied in any form of by any means without written permission from the Publisher.

The opinions and ideas expressed by the writers or contributors do not reflect the opinion of this publication and its management.

## *Wika ng Diyos*

**Datapuwa't hanapin muna ninyo ang kaniyang kaharian, at ang kaniyang katuwiran; at ang lahat ng mga bagay na ito ay pawang idaragdag sa inyo.**

**– Mateo 6:33**

# PAYO NI CATRIONA GRAY UKOL SA SCOLIOSIS



**MAY nakapansin pala na may pinagdaraanan si Miss Universe 2018 Catriona Gray kaya inamin nitong mayroon umano siyang scoliosis simula pa noong bata palang siya.**

Sa unang pagkakataon ay ibinahagi ng beauty queen-cum-model-host ang kanyang health condition na kanyang inilagay sa Instagram kasabay ng pagdiwang ng National Scoliosis Month.

"I am someone who (was) diagnosed (with) scoliosis at the age of 12, so quite young but early prevention is really key to preventing to chronic pain, back pain, surgeries and any other associated challenges when it comes to scoliosis," sabi ng dalaga sa kanyang post.

Mas madali raw malalaman kung may ganitong kondisyon ang isang tao kapag nakasuot ito ng stripes: "#Stripesfitcheck is the easiest one to do, so the more the fit is the shirt is more the better thing to do." *(sundan sa pahina 3)*

# 'GRAY AREA' DAW SABI NI GUADIZ

**GRACE PARK, Lungsod Kalookan — Itinuturing na tagumpay ng mga transport group sa pagpapalabas ng resolusyon ng Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) na pahintulutan ang pamamasada ng mga unconsolidated jeepney sa mga ruta na kakaunti lamang ang nagpa-consolidate.**

Ayon kay Ka Mody Floranda, presidente ng Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide (PISTON), pagwawagi ito ng kanilang hanay laban sa mga nagnanais na mawalang sila ng hanapbuhay sa kabila nang katotohanan na sadyang hindi napagaralang mabuti ng pamahalaan kung ano ang magiging solusyon nila kapag nagkulang ang pampublikong transportasyon sa mga kalsada.

Punto ni Ka Mody: "Ito po ay tagumpay. Tagumpay po ito ng serye ng ating mga rally at welga lalo na noong welga noong April, April 29, 30 at May 1."

Nag-isyu ang LTFRB ng Board Resolution No. 53 Series of 2024 na kung saan ang mga unconsolidated public utility vehicle ay maaari pa ring pumasada kahit hindi na maghain ng aplikasyon sa consolidation basta't aprubado ito ng Local Public Transport Route Plan (LPTRP) at Route Rationalization Plan (RRP).

Ang resolusyon ay nilabas noon pang Abril 30, 2024 sa gitna ng nilunsad na nationwide transport strikes upang kontrahin ang public utility vehicle modernization program ng gobyerno.

Inamin mismo ni LTFRB chairman Teofilo Guadiz III na may mga ruta ang apat na consolidated jeepney lang ang pumapasada.

Gayun pa man, pinilit ding idepensa ni Guadiz ang masasabing kpagkukulang sapat na ag-aaral ng pamahalaan: "Gumawa po kami ng isang board resolution hindi dahil sa failure po ito kung hindi dahil iisa o apat lang ang bumabiyaheng jeep." wika ni Guadiz sa isang radio Sabi ng butihing chairman ng LTFRB, 'gray area' daw ito na kailangang i-exempt sa patakaran ng consolidation.

Reaksyon po natin? Hahahaha!

# LABAN SA MGA MAMBUBUDOL ONLINE

**SANTO DOMINGO, Lungsod Quezon — Nilagdaan na ni Pangulong Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr. ang batas upang labanan ang online scam at mabigyan ng proteksyon ang publiko laban sa mga mambubudol online.**

Nakapaloob ang batas dito sa Republic Act 12010, o ang Anti-Financial Account Scamming Act (AFASA), na nilagdaan ng pangulong kasabay ang RA 12009 o ang New Government Procurement Act.

Sa ilalim ng AFASA, paparusahan ang 'money muling' activities (isang uri ng money laundering) at gayun din ang mga social engineering scheme, economic sabotage at iba pang gawaing may kinalaman sa pananalapi o mga financial account.

Pahihintulutan dito ang Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) na siyasatin ang mga financial account na pinaghihinalaang sangkot sa mga iligal na transaksyon.

Tunay ngang mahalaga ito lalo na't laganap ang paggamit ng mga cybercriminal sa modernong teknolohiya para lokohin an gating mamamayan.

Sana nga lang ay ipatupad ngh maayos ang batas na ito dahil kapag hindi, mabibigong mabigyan ng proteksyon ang mga biktima ng mga scammer.

Pero teka . . . paano kaya maikakasa ito ng maayos e sobrang walang kuwenta ng internet service dito sa atin na sobrang bagal na, paandap-anadap pa ang connectivity?

Nagtatanong lang po . . . ***(Karin Ceara Cabrera-Sakai)***

# PAGPAPAGANDA NG KALIDAD NG EMPLEYO

**SAN FERNANDO, Pampanga — Seryoso and administrasyon ng ating mahal na Pangulong Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr. na mapabuti ang pamumuhay ng mahigit 110 milyong Pilipino.**

Ayon kay National Economic and Development Authority (NEDA) secretary Arsenio Balisacan, nais ng pamahalaang Marcos na mapaganda ang kalidad ng empleyo sa bansa dahil sa ganito paraan ay mapapataas ang suweldo ng mga manggagawa habang makakabawas din sa nararanasang kahirapan ng mamamayan.

Tinukoy ni Balisacan ang pinakahuling labor force survey na inilabas ng Philippine Statistics Authority (PSA) na nagpakita ng pagbaba ng unemployment rate mula sa 4.3 sa 4.1 porsyento.

Kung pag-aaralan, umabot sa 605,000 manggagawa ang nalikhang karagdagang empleyo. Makikita rin na ang pagtaas ng empleyo ay nagmula sa mga trabho na nagbukas sa manufacturing, industriya at services.

Mainam na may paninindigan an gating pangulo na tuparin ang kanyang pangako na mapaigi ang pamumuhay ng mga Pilipino at pinapatunayan niya ito sa pinatutupad niyang mga polisiya at programa na nakatuon sa pagpapalawig ng ating ekonomiya sa pamamagitan ng paghimok sa mga negosyante na mamuhunan dito sa ating bansa. ***(JT Leonardo C. Santos)***

Ang pahayagang ito ay tumatanggap ng mga Pampublikong Anunsiyo, maari lamang mag-email sa publiko.news@gmail.com